CALIFORNIA'S LOW COST AUTO INSURANCE

Mga Madalas na Tinatanong

Mga Tanong Mga Sagot

1 Ano ang mga kailanganin upang maging karapat-dapat?

Upang maging karapat-dapat para sa Low Cost Auto Insurance Program ng California, o CLCA, ang namimili ay dapat:
- Mayroong may-bisang driver's license ng California
- May-ari ng sasakyang may halagang $25,000 o mas mababa
- Nasasapat ang mga patnubay sa nararapat na kita
- Kahit man lamang 16 na taon na edad

2 Ano ang mga kailanganin sa kita?

May mga antas ng pinakamalaking kinikita sa bawat sambahayan para sa pagiging nararapat:
- 1ng tao - $30,350
- 2ng tao - $41,150
- 3ng tao - $51,950
- 4 na tao - $62,750

Ipinapaliwanag ang "sambahayan" bilang lahat ng mga taong naka-lista sa income tax form [pormularyo pang buwis sa kita] na pang-federal o state.

3 Kailangan ko bang patunayan ang aking kita upang mag-apply?

Oo. Tatanggapin ng program ang anumang isa mga sumusunod na papeles bilang katunayan ng kita ng sambahayan: income:

PROGRAM	MGA KINAKAILANGANG PAPELES
CalFresh (mga food stamp [selyong pangpagkain])	EBT card
CalWorks	Sulat ng patalastasan
California LifeLine	Singil na nagpapakita ng discount mula sa kompanya ng telephone
LIHEAP Low Income Home Energy Assistance [pantulong sa kuryente o gas pambahay ng mababang kita]	Singil na nagpapakita ng discount mula sa kompanya ng utility [palingkurang bayan]
Medi-Cal / Medicaid	Program card
California Employment Development Department [kagawaran pampag-unlad ng pagtatrabaho] (EDD)	Debit card o sulat pang-benefit
SSI / Social Security Income (edad, bulag, baldado)	Kamakailang bank statement [ulat ng salapi mula sa bangko] bilang katunayan ng deposit
na Social Security o Pension	Sulat mula sa tagapangasiwa
Antas ng Kita*	Kopya ng income tax return [ulat ng kita pambuwis]
*TINATANGGAP ANG SOCIAL SECURITY NUMBER O TAXPAYER IDENTIFICATION NUMBER (TIN)	W-2 o 1099 form
	Payroll stub [piraso ng tseke ng sweldo] o sulat pagpatutunay mula sa nagpatatrabaho

4 Anong coverage [nasakupan] ang pinagkakaloob ng policy ng California Low Cost Automobile Insurance?

Nagkakaloob ang program ng abot-kayang auto insurance na liability only [para sa pananagutan lamang] na nakasasapat sa mga batas ng state ayon sa pananagutang pananalapi.

Ang mga hangganan ng Basic Liability Policy [batayang polisang pampananagutan] ay:
- $10,000 pinsala sa katawan o kamatayan bawat tao
- $20,000 pinsala sa katawan o kamatayan bawat accident
- $3,000 pananagutan sa sira sa kaarian bawat accident

Sa pamamagitan ng karagdagang singil na $19-$68 bawat taon, maaaring magdagdag ang namimili ng:
- $1,000 bayad sa paggamot bawat tao
- $10,000 pinsala sa katawan mula sa uninsured motorist [nagmamanehong walang seguro] bawat tao
- $20,000 pinsala sa katawan mula sa uninsured motorist bawat accident

Hindi nag-aalay ang program ng coverage na comprehensive o collision (coverage na magpapaayos ng sasakyan ng nagmamaneho pagkatapos ng accident) ngunit maaaring bilhin ito mula sa isang insurance agent.

CALIFORNIA'S LOW COST AUTO INSURANCE

Mga Madalas na Tinatanong

Mga Tanong	Mga Sagot
5 **Ano ang mga gastos para sa isang polisa ng CLCA?**	**Nag-iiba-iba ang mga taunang premium [bayad sa seguro] sa Callifornia ayon sa county, nahahanay mula $247 hanggang $980. May magagamit na mga discount kung ang namimili ay naging driver na may-license na may 3ng taong kasaysayan ng mahusay na pagmamaneho.** **Ipinapaliwanag ang kasaysayan ng mahusay na pagmamaneho bilang:** • Hindi lalampas sa isang may-kasalanan sa accident na sira sa kaarian lamang o hindi lalampas sa isang point para sa moving violation [paglabag habang tumatakbo] sa loob ng nakaraang tatlong taon; • Walang-kasalanan sa accident na kabilang ang pinsala sa katawan o kamatayan sa kasaysayan ng pagmamaneho sa loob ng nakaraang tatlong taon • Walang pagkondena ng felony o misdemeanor [mabigat o magaang pagsala] para sa paglabag ng Vehicle Code [batas ukol sa sasakyan] sa kasaysayan ng pagmamaneho ng sasakyang may motor. Upang tiyakin ang mga singil sa inyong county o tantyahin ang schedule ng pagbayad*, paki-dalawin ang mylowcostauto.com ***Nag-aalay ang CLCA ng dalawang pagpipilian sa pagbayad:** • Bayaran nang buo **O** • 20% kaagad na may 7ng hulugang bayad (Para sa bawat hulugan may transcation fee na $4.00.)
6 **Papapanong mag-apply para sa program?**	**Upang mag-apply para sa California's Low Cost Auto Insurance Program, sundan ang 2ng hakbang na ito:** **1** Sagutin nang ganap ang questionnaire [tala-tanong] pangnararapat, **2** Susunod, kumpletuhin ang paraan ng pag-a-apply • Nasa online nang 100% **O** Makipagkita na walang bayad sa isang agent sa inyong kinaroroonan Paki-dalawin ang mylowcostauto.com at mag-click sa button na Act Now upang magsim. Kung wala kayong magagamit na internet o nangangailangan ng karagdagang pagtulong, paki-tawagan ang 1-866-602-8861.
7 **Ano ang mga parusa sa walang auto insurance?**	Kung masita ka na walang auto insurance nang pangyayaring moving violation o accident, may mga parusa na kabilang ang mga multa at maaring ma-suspend [mawalang bisa] ang vehicle registration [pagkatala ng sasakyan]. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga multa sa walang auto insurance, paki-dalawin ang website ng California DMV sa **http://chilp.it/9a5b9c2** (dadalhin kayo nang tuwiran ng url na ito upang makita ang VC Section 16029).
8 **Ilan sasakyan ang maaaring ilagay sa polisa ng CLCA?**	Pinapayagan ang bawat namimili hanggang dalawang polisa na mababang bayad sa ilalim ng mga patakaran ng program. Kung may dalawang nararapat na namimili sa isang sambahayan, maari ang bawat isa na humawak ng dalawang polisa kaya bubuo ng apat na polisa bawat sambahayan. Halimbawa, maaring ang isang tao may hanggang dalawang sasakyan sa program na ito at maaring ang mag-asawa may hanggang 4 na sasakyan, kung naka-register ang bawat sasakyan sa mga kani-kanilang pangalan.
9 **Bakit kailangang ilagay sa CLCA ang lahat ng sasakyan sa sambahayan?**	Kinakailangan sa program na kasali sa program ang lahat ng sasakyan sa sambahayan. Samakatwid, upang maging karapat-dapat sa program ang isang sasakyan, hindi maaring may liability coverage ang mga namimili sa pamamagitan ng iba pang polisa para sa iba pang sasakyan sa sambahayan. Ipinapaliwanag ang "sambahayan" bilang lahat ng mga taong naka-lista sa income tax form na pang-federal o state.
10 **Maari ba akong makakuha ng coverage sa polisang CLCA kung may utang ako pangsasakyan?**	Oo, pero dapat tiyakin ninyo sa inyong nagpapautang para alamin kung masasapat ang mga kailanganin ng inyong utang ang mga hangganan ng coverage na pinagkakaloob ng program.